

Personal Preparation to Meet the Savior

By Elder Dale G. Renlund
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Personal na Paghahandang Humarap sa Tagapagligtas

Ni Elder Dale G. Renlund
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

Follow the Savior's teachings. His instructions are neither mysterious nor complex. When we follow them, we do not need to fear or be anxious.

My dear brothers and sisters, last October, President Russell M. Nelson taught, “Now is the time for you and for me to prepare for the Second Coming of our Lord and Savior, Jesus the Christ.” When President Nelson speaks about the Second Coming, it is always with joyful optimism. However, a girl in Primary recently told me that she becomes anxious whenever the Second Coming is mentioned. She said, “I’m scared because bad things are going to happen before Jesus comes again.”

It is not just children who may feel this way. The best advice for her, for you, and for me is to follow the Savior’s teachings. His instructions are neither mysterious nor complex. When we follow them, we do not need to fear or be anxious.

Toward the end of His mortal ministry, Jesus Christ was asked when He would come again. In answering, He taught three parables, recorded in Matthew 25, about how to prepare to meet Him—whether at His Second Coming or whenever we leave this world. These teachings are crucial because personal preparation to meet Him is central to life’s purpose.

The Savior first told the parable of the ten virgins. In this parable, ten virgins went to a

Sundin ang mga turo ng Tagapagligtas. Ang kanyang mga tagubilin ay hindi misteryoso o komplikado. Kung sumusunod tayo sa mga ito, hindi natin kinakailangang matakot o mabahala.

Mahal kong mga kapatid, nitong nakaraang Oktubre, itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, “Ngayon ang panahon para sa inyo at sa akin na maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.” Kapag nagsasalita si Pangulong Nelson tungkol sa Ikalawang Pagparito, lagi niya itong ginagawa nang may saya at positibong pananaw. Gayunman, isang batang babae sa Primary kamakailan ang nagsabi sa akin na natatakot siya kapag nababanggit ang Ikalawang Pagparito. Sabi niya, “Natatakot po ako dahil mangyayari ang masasamang bagay bago pumaritong muli si Jesus.”

Hindi lamang mga bata ang maaaring makadama ng ganito. Ang pinakamainam na payo sa kanya, sa inyo, at sa akin ay ang sumunod sa mga turo ng Tagapagligtas. Ang Kanyang mga tagubilin ay hindi misteryoso o komplikado. Kung sumusunod tayo sa mga ito, hindi natin kinakailangan matakot o mabahala.

Noong huling sandali ng Kanyang mortal na ministeryo, tinanong si Jesucristo kung kailan Siya muling babalik. Bilang kasagutan, itinuro Niya ang tatlong talinghagang nakatala sa Mateo 25, tungkol sa kung paano maghahandang humarap sa Kanya—ito man ay sa Kanyang Ikalawang Pagparito o sa sandaling iwan natin ang mundong ito. Ang mga turong ito ay mahalaga dahil ang personal na paghahanda na humarap sa Kanya ay sentro sa layunin ng buhay.

Unang ikinuwento ng Tagapagligtas ang talinghaga ng sampung birhen. Sa talinghagang

wedding feast. Five wisely brought oil to fill their lamps, and five foolishly did not. When the bridegroom's imminent arrival was announced, the foolish virgins left to buy oil. When they returned, it was too late; the door to the feast was shut.

Jesus identified three aspects of the parable to help us. He explained:

“And at that day, when I shall come in my glory, shall the parable be fulfilled which I spake concerning the ten virgins.

“For they that are wise and have received the truth, and have taken the Holy Spirit for their guide, and have not been deceived—verily I say unto you, they shall ... abide the day.”

In other words, they did not need to fear or be anxious, because they would survive and prosper. They would prevail.

If we are wise, we receive the truth by accepting the gospel of Jesus Christ through priesthood ordinances and covenants. Next, we strive to remain worthy of having the Holy Ghost always with us. This capability must be acquired individually and personally, drop by drop. Consistent, personal, private acts of devotion invite the Holy Ghost to guide us.

The third element that Jesus highlighted is avoiding deception. The Savior warned:

“Take heed that no man deceive you.

“For many shall come in my name, saying, I am Christ; and shall deceive many.”

The Savior knew pretenders would try to deceive the very elect and that many disciples would be duped. We should neither believe those who falsely claim divine sanction nor venture into metaphorical deserts or secret chambers to be taught by counterfeits.

The Book of Mormon teaches us how we can differentiate deceivers from disciples. Disciples always promote believing in God, serving Him, and doing good. We will not be deceived when we seek and take counsel from trusted individ-

ito, nagtungo ang sampung birhen sa isang kasal. Ang lima ay matalinong nagdala ng langis upang punan ang kanilang mga ilawan, at ang lima, sa kamangmangan ay hindi nagdala. Nang ihayag ang nalalapit na pagdating ng kasintahang lalaki, lumisan ang mga mangmang na birhen upang bumili ng langis. Sa kanilang pagbalik, huli na ang lahat; ang pintuan papasok sa piging ng kasalan ay isinara na.

Tinukoy ni Jesus ang tatlong aspekto ng talinghaga upang tulungan tayo. Ipinaliwanag Niya:

“At sa araw na iyon, kung kailan ako paparito sa aking kaluwalhatian, ay matutupad ang talinghaga na aking sinabi hinggil sa sampung birhen.

“Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay ... mananatili sa araw na yaon.”

Sa madaling salita, hindi nila kinailangang matakot o mabahala dahil sila ay maliligtas at uunlad. Sila ay mananaig.

Kung tayo ay matalino, tatanggapin natin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagtanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan ng priesthood. Susunod, nagsisikap tayong manatiling karapat-dapat upang lagi nating makasama ang Espiritu Santo. Ang kakayahang ito ay dapat na personal na matanggap ng bawat indibiduwal, sa paisa-isang patak. Ang patuloy, personal, at pribadong gawain ng debosyon ay nag-aanyaya sa Espiritu Santo upang gabayan tayo.

Ang pangatlong elemento na binigyang-diin ni Jesus ay ang pag-iwas sa panlilinlang. Nagbabala ang Tagapagligtas:

“Mag-ingat kayo na huwag kayong mailigaw ng sinuman.

“Sapagkat marami ang darating sa aking pangalan, na nagsasabi, ‘Ako ang Cristo’ at ililigaw nila ang marami.”

Alam ng Tagapagligtas na susubukan ng mga mapagkunwari na linlangin ang mga hinirang at marami sa mga disipulo ang malilinlang. Hindi tayo dapat maniwala sa mga taong mapanlinlang na nagsasabing nasa kanila ang awtoridad ng Diyos ni humingi ng payo o paggabay sa mga ito.

Itinuturo ng Aklat ni Mormon sa atin kung paano natin matutukoy ang mga manlilinlang mula sa mga disipulo. Ang mga disipulo ay palaging isinusulong ang paniniwala sa Diyos, naglilingkod sa Kanya, at gumagawa ng mabuti.

uals who are themselves faithful disciples of the Savior.

We can also avoid deception by worshipping regularly in the temple. This helps us maintain an eternal perspective and protects us from influences that might distract or divert us from the covenant path.

The essential lesson of this parable of the ten virgins is that we are wise when we accept the gospel, seek to have the Holy Ghost with us, and avoid deception. The five wise virgins could not help those without oil; no one can accept the gospel, take the Holy Ghost as a guide, and avoid deception on our behalf. We have to do this for ourselves.

The Savior then told the parable of the talents. In this parable, a man gave differing amounts of money, referred to as talents, to three servants. To one servant he gave five talents, to another he gave two, and to a third he gave one. Over time, the first two servants doubled what they had received. But the third servant simply buried his single talent. To both servants who had doubled their talents, the man said, "Well done, ... good and faithful servant: thou hast been faithful over a few things, I will make thee ruler over many things: enter thou into the joy of thy lord."

The man then chided the servant who had buried his talent for being "wicked and slothful." This servant's talent was taken away, and he was banished. Yet, had this servant doubled his talent, he would have received the same commendation and reward as the other servants.

One message of this parable is that God expects us to magnify the abilities we have been given, but He does not want us to compare our abilities to those of others. Consider this insight provided by the 18th-century Hasidic scholar

Hindi tayo malilinlang kapag humihingi at tumatanggap tayo ng payo mula sa mga mapagkakatiwalaang indibiduwal na matatapat na disipulo rin na may pananampalataya sa Tagapagligtas.

Maiiwasan din natin ang panlilinlang sa pamamagitan ng regular na pagsamba sa templo. Tinutulungan tayo nitong mapanatili ang walang-hanggang pananaw at pinoprotektahan tayo mula sa mga impluwensiyang maaaring manggulo o maglayo sa atin mula sa landas ng tipan.

Ang mahalagang aral ng talinghagang ito tungkol sa sampung birhen ay na tayo ay matatino kapag tinatanggap natin ang ebanghelyo, naghahangad na mapasaatin ang Espiritu Santo, at iniwasan ang panlilinlang. Ang limang matatalinong birhen ay hindi matutulungan ang mga birhen na walang dalang langis; walang taong makatatanggap ng ebanghelyo, magagabayan ng Espiritu Santo, at makaiwas sa panlilinlang para sa atin. Kailangan nating gawin ito para sa ating mga sarili.

Pagkatapos ay ikinuwento ng Tagapagligtas ang talinghaga ng mga talento. Sa talinghagang ito, nagbigay ang isang lalaki ng iba't ibang halaga ng pera, na tinatawag bilang mga talento, sa tatlong tagapaglingkod. Sa isang tagapaglingkod ay nagbigay siya ng limang talento, sa isa ay nagbigay ng dalawa, at sa ikatlo ay nagbigay ng isa. Paglipas ng panahon, nagawang doblehin ng unang dalawang tagapaglingkod ang kanilang natanggap. Ngunit ang ikatlong tagapaglingkod ay ibinaon lamang ang kayang nag-iisang talento. Sa dalawang tagapaglingkod na nagawang doblehin ang kanilang mga talento, sinabi ng lalaki, "Magaling! Mabuti at tapat na [tagapaglingkod]. Naging tapat ka sa kaunting bagay, pamamahalin kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon."

Pinagaitan ng lalaki ang tagapaglingkod na ibinaon ang talento dahil sa pagiging "masama at tamad." Ang talento ng tagapaglingkod na ito ay kinuha, at siya ay pinalayas. Ngunit, kung nagawang doblehin ng tagapaglingkod na ito ang kanyang talento, makatatanggap dapat siya ng parehong papuri at parangal tulad ng ibang tagapaglingkod.

Isa sa mga mensahe ng talinghagang ito ay inaasahan ng Diyos na palalaguin natin ang mga kakayahan na ibinigay Niya, ngunit hindi Niya nais na ikumpara natin ang ating kakayahan sa kakayahan ng iba. Isaalang-alang ang kaisipang

Zusya of Anipol. Zusya was a renowned teacher who began to fear as he approached death. His disciples asked, “Master, why do you tremble? You’ve lived a good life; surely God will grant you a great reward.”

Zusya said: “If God says to me, ‘Zusya, why were you not another Moses?’ I will say, ‘Because you didn’t give me the greatness of soul that you gave Moses.’ And if I stand before God and He says, ‘Zusya, why were you not another Solomon?’ I will say, ‘Because you didn’t give me the wisdom of Solomon.’ But, alas, what will I say if I stand before my Maker and He says, ‘Zusya, why were you not Zusya? Why were you not the man I gave you the capacity to be?’ Ah, that is why I tremble.”

Indeed, God will be disappointed if we do not rely upon the merits, mercy, and grace of the Savior to magnify the God-given abilities we have received. With His loving assistance, He expects us to become the best version of ourselves. That we may start with differing abilities is irrelevant to Him. And it should be to us.

Finally, the Savior told the parable of the sheep and goats. When He returns in His glory, “before him shall be gathered all nations: and he shall separate them one from another, as a shepherd divideth his sheep from the goats: and he shall set the sheep on his right hand, but the goats on the left.”

Those on His right became heirs in His kingdom, and those on His left received no inheritance. The distinguishing characteristic was whether they fed Him when He was hungry, gave Him drink when He was thirsty, housed Him when He was a stranger, clothed Him when He was naked, and visited Him when He was sick or imprisoned.

Everyone was perplexed, both those on the right hand and those on the left hand. They asked

ibinigay noong ika-18 siglo ng isang Hasidic scholar na si Zusya ng Anipol. Si Zusya ay isang kilalang guro na nagsimulang matakot nang papalapit na ang kanyang kamatayan. Tinanong siya ng kanyang mga disipulo, “Guro, bakit po kayo nanginginig? Namuhay kayo nang maayos; siguradong bibigyan kayo ng Diyos ng dakilang gantimpala.”

Sinabi ni Zusya: “Kung sasabihin sa akin ng Diyos, ‘Zusya, bakit hindi ka naging isa pang Moises?’ Sasabihin ko, ‘Dahil hindi po ninyo ako binigyan ng magiting na kaluluwa na kagaya ng ibinigay ninyo kay Moises.’ At kung titindig ako sa harapan ng Diyos at Kanyang sasabihing, ‘Zusya, bakit hindi ka naging isa pang Solomon?’ Sasabihin ko, ‘Dahil hindi po ninyo ako binigyan ng karunungan ni Solomon.’ Ngunit, nakalulungkot, kung titindig ako sa harap ng aking Manlilikha at sasabihin Niyang, ‘Zusya, bakit hindi ka naging si Zusya? Bakit hindi ka naging ang taong binigyan ko ng kakayahan na maging [gaya ng inaasahan ko]?’ Ah, iyan ang dahilan kung bakit ako nanginginig.”

Talagang madidismaya ang Diyos kung hindi tayo aasa sa kabutihan, awa, at biyaya ng Tagapagligtas upang mapaunlad ang mga kakayahang ibinigay ng Diyos na natanggap natin. Sa kanyang mapagmahal na tulong, inaasahan Niya na tayo ay magiging ang pinakamabuting bersiyon ng ating sarili. Ang magsimula sa iba’t ibang kakayahan ay hindi mahalaga sa Kanya. At gayundin dapat sa atin.

Sa huli ay ikinuwento ng Tagapagligtas ang talinghaga tungkol sa mga tupa at mga kambing. Kapag Siya ay bumalik sa Kanyang kaluwhatian, “titipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at kanyang pagbubukud-bukurin ang mga tao na gaya ng pagbubukud-bukod ng pastol sa mga tupa at sa mga kambing, at ilalagay niya ang mga tupa sa kanyang kanan, subalit ang mga kambing ay sa kaliwa.”

Ang nasa Kanyang kanan ay magiging mga tagapagmana ng Kanyang kaharian, at ang nasa Kanyang kaliwa ay walang matatanggap na mana. Ang tumutukoy na katangian ay kung pinakain ba nila Siya nang Siya ay nagugutom, pinainom nang Siya ay nauuhaw, pinatuloy Siya nang Siya ay isang estranghero, dinamitan Siya nang Siya ay hubad, at dinalaw Siya nang Siya ay may sakit o nakabilanggo.

Ang bawat isa ay namangha, kapwa ang nasa kanang kamay at ang nasa kaliwa. Tinanong nila

when they had, or when they had not, given Him food, drink, and clothing or helped Him when He was vulnerable. In response, the Savior said, “Verily I say unto you, Inasmuch as ye have done it unto one of the least of these my brethren, ye have done it unto me.”

The message of the parable is clear: when we serve others, we serve God; when we don’t, we disappoint. He expects us to use our gifts, talents, and abilities to bless the lives of Heavenly Father’s children. The divine impulse to serve others is illustrated in a poem written in the 19th century by the Finnish poet Johan Ludvig Runeberg. My siblings and I repeatedly heard the poem “Farmer Paavo” throughout our childhoods. In the poem, Paavo was a poor farmer who lived with his wife and children in the lake region of central Finland. Several years in a row, most of his crops were destroyed, whether through the runoff from the spring snowmelt, summer hailstorms, or an early autumn frost. Each time the meager harvest came in, the farmer’s wife lamented, “Paavo, Paavo, you unfortunate old man, God has forsaken us.” Paavo, in turn, stoically said, “Mix bark with the rye flour to make bread so the children won’t go hungry. I’ll work harder to drain the marshy fields. God is testing us, but He will provide.”

Each time the crops were destroyed, Paavo directed his wife to double the amount of bark that she mixed into the flour to ward off starvation. He also worked harder, digging trenches to drain the ground and decrease his fields’ susceptibility to a spring runoff and an early autumn frost.

After years of hardship, Paavo finally harvested a rich crop. His wife exulted, “Paavo, Paavo, these are happy times! It is time to throw away the bark, and bake bread made only with rye.” But Paavo solemnly took his wife’s hand and said, “Mix half the flour with bark, for our neighbor’s fields have frosted over.” Paavo sacrificed his and

kung kailan nila Siya binigyan o hindi binigyan ng makakain, pinainom, at dinamitan o tinulungan Siya nang Siya ay mahina. Sa pagtugon, sinabi ng Tagapagligtas, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakamaliit sa mga kapatid kong ito, ay sa akin ninyo ginawa.”

Ang mensahe ng talinghaga ay malinaw: kapag tayo ay naglilingkod sa iba, naglilingkod tayo sa Diyos; kung hindi natin ito ginagawa, bigo tayo. Inaasahan Niyang gagamitin natin ang ating mga handog, talento, at kakayahan upang mapagpala ang buhay ng mga anak ng Ama sa Langit. Ang banal na inspirasyong maglilingkod sa iba ay inilalarawan sa isang tula na isinulat noong ika-19 na siglo ng isang Finnish na makata na si Johan Ludvig Runeberg. Paulit-ulit naming narinig ng mga kapatid ko ang tulang “Farmer Paavo” sa kabuuan ng kabataan namin. Sa tula, si Paavo ay isang mahirap na magsasaka na namumuhay kasama ng kanyang asawa at mga anak sa lake region ng gitnang Finland. Sa loob ng ilang magkakasunod na taon, karamihan sa kanyang pananim ay nasira, dahil sa pag-agos ng natutunaw na niyebe sa tagsibol, mga pag-ulan ng yelo sa tag-init, o isang maagang hamog na nagyelo sa taglagas. Sa tuwing dumarating ang kaunting ani, ang asawa ng magsasaka ay nagdadalamhati, “Paavo, Paavo, malas kang matanda ka, pinabaya na tayo ng Diyos.” Si Paavo naman ay mahinahong nagsabi, “Ihalo mo ang balat ng puno sa harina ng rye upang makagawa ng tinapay, nang hindi magutom ang mga bata. Mas sisipagan ko pa ang pagtatrabaho para maubos ang tubig sa mamasa-masang bukid. Sinusubok tayo ng Diyos, ngunit magbibigay Siya ng ating kailangan.”

Tuwing masisira ang mga pananim, inuutusan ni Paavo ang kanyang asawa na doblehin ang dami ng balat ng puno na inihahalo ng kanyang asawa sa harina upang maibsan ang gutom. Siya ay nagsipag din sa pagtatrabaho, naghuhukay ng mga kanal upang dumaloy ang tubig mula sa lupa at mabawasan ang pagiging madaling bahain ng kanyang mga bukirin sa tagsibol at maagang hamog na nagyelo sa taglagas.

Matapos ang mga taon ng paghihirap, umani sa wakas nang masagana si Paavo. Masayang sinabi ng kanyang asawa, ‘Paavo, Paavo, napakasayang panahon ito! Panahon na para itapon ang mga balat ng puno at iluto ang mga tinapay na gawa lamang sa rye.’ Ngunit marahang hinawakan ni Paavo ang kamay ng kanyang asawa at

his family's bounty to help his devastated and destitute neighbor.

The lesson of the Savior's parable of the sheep and goats is that we are to use the gifts we have been given—time, talents, and blessings—to serve Heavenly Father's children, especially the most vulnerable and needy.

My invitation to the anxious Primary child I mentioned earlier, and to each of you, is to follow Jesus Christ and to trust the Holy Ghost as you would a cherished friend. Rely on those who love you and who love the Savior. Seek God's guidance to develop your unique abilities, and help others, even when it isn't easy. You will be ready to meet the Savior, and you can join President Nelson in being joyfully optimistic. In doing so, you help the world prepare for the Second Coming of Jesus Christ, and you will be blessed with sufficient hope to enter the rest and joy of the Lord, now and in the future.

As we sing in one of our new hymns:

Rejoice! And prepare for that day! ...
No one knows the day and hour when He
will come again,
But He'll return as scriptures say; it will be a
joyful day
When our beloved Savior comes again.
In the name of Jesus Christ, amen.

sinabi, "Ihalo mo ang kalahati ng harina sa balat ng puno, dahil ang bukirin ng mga kapitbahay natin ay nagyelo." Isinakripisyo ni Paavo at ng kanyang pamilya ang kanilang kaginhawahan upang matulungan ang kanilang nasalanta at naghihirap na kapitbahay.

Ang aral sa talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa mga tupa at mga kambing ay narapat nating gamitin ang mga handog na ibinigay sa atin—oras, mga talento, at mga pagpapala—upang paglingkuran ang mga anak ng Ama sa Langit, lalo na ang pinakamahihina at nangangailangan.

Ang aking paanyaya sa natatakot na bata ng Primary na binanggit ko kanina, at para sa bawat isa sa inyo ay sundin si Jesucristo at magtiwala sa Espiritu Santo tulad ng pagtitiwala sa isang malapit na kaibigan. Magtiwala sa mga nagmamahal sa inyo at nagmamahal sa Tagapagligtas. Hangarin ang patnubay ng Diyos upang mapaunlad ang inyong mga natatanging kakayahan at makatulong sa iba kahit hindi ito madali. Magiging handa kayong humarap sa Tagapagligtas, at maaari kayong makiisa kay Pangulong Nelson sa pagiging masaya at may positibong pananaw. Sa paggawa nito, tumutulong kayong ihanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, kayo ay mapagpapala ng sapat na pagasa na pumasok sa kapahingahan at kagalakan ng Panginoon, ngayon at sa hinaharap.

Tulad ng ating pag-awit sa isa sa ating mga bagong himno:

Magsaya! At tayo'y maghanda! ...
'Di natin alam kung kailan S'ya magbabalik,

Ngunit ito'y matutupad, at tayo'y magagalak

'Pag ang Manunubos ay bumalik.
Sa pangalan ni Jesucristo, amen.